## ABISO SA LAHAT NG TUMATANGGAP NG CALFRESH BENEPISYONG WORK INCENTIVE NUTRITIONAL SUPPLEMENT (WINS)

# MAHALAGA – PAKIBASA

Ang WINS ay isang benepisyong programa para sa karagdagang pagkain na nagkakahalagang $10 bawat buwan para sa mga nagtatrabahong pamilyang tumatanggap ng mga benepisyo ng CalFresh ngunit hindi nakakatanggap ng mga benepisyo ng California Work Opportunity and Responsibility to Kids (CalWORKs) o Tribal Temporary Assistance to Needy Families (TANF).

Ipinagkakaloob ng batas ng estado ng California ang sumusunod:

- Ang mga sambahayan ng CalFresh na natutugunan ang mga kinakailangang oras ng pagtatrabaho para sa WINS, ngunit hindi nakakatanggap ng CalWORKs o Tribal TANF, ay maaaring karapat-dapat makatanggap ng benepisyo para sa pagkain na nagkakahalagang $10 bawat buwan.
  
  Ang mga kinakailangang oras ng pagtatrabaho :
  
  20 oras bawat linggo para sa mga nag-iisang custodial na magulang/mga katiwalang pamilyang may kahit isang anak lang na wala pang anim na taong gulang;
  
  30 oras bawat linggo para sa mga nag-iisang custodial na magulang/mga katiwalang pamilyang may (mga) anak na may edad anim hanggang walong taong gulang;
  
  35 oras bawat linggo para sa dalawahang magulang/mga katiwalang pamilya.

  Ang ibinibilang na trabaho ay anumang trabahong may bayad (kahit na naka-subsidize, tulad ng work study). Kabilang dito ang pagiging self-employed.
- Maaaring karapat-dapat ang inyong sambahayan kung kayo ay:
  - Isang sambahayang kasali sa CalFresh, ngunit hindi tumatanggap ng CalWORKs o Tribal TANF; at
  - May anak na wala pang 18 taong gulang na kasama sa bahay; at
  - May kahit isa lang na magulang/tagapangalaga sa sambahayan na natutugunan ang pagpapakahulugan ng TANF sa “indibidwal na karapat-dapat magtrabaho” at gumugugol ng sapat na oras tulad ng nakalista sa itaas sa mga karapat-dapat na gawain sa trabaho na natutugunan ang mga pederal na kinakailangan ng TANF;
- Magpapatuloy ang buwan-buwang pagbabayad na ito hangga't natutugunan ninyo ang mga kinakailangan ng programang WINS.
- Ang benepisyong $10 ay isang benepisyo para sa pagkain at hindi magagamit na pera.
- Kung gusto ninyong matuto pa, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong kawani.

Maaari lang makatanggap ang bawat sambahayang kasali sa CalFresh ng isang benepisyong WINS bawat buwan. Ipapamahagi ang benepisyo sa umiiral na Electronic Benefits Transfer (EBT) card ng sambahayan bilang karagdagang pagkain sa bahagi ng CalFresh ng pamilya. Tinutukoy ang pagiging karapat-dapat para sa benepisyong WINS kapag kayo ay nagpatala, nag-ulat ng mga pagbabago, o muling nagpatibay para sa mga benepisyo. Kung karapat-dapat kayo para sa WINS, idaragdag ang benepisyo sa inyong EBT card.

Mangyaring siguraduhing iulat kung ilang oras ang inyong trabaho sa kawani para sa pagiging karapat-dapat kapag nagpatala kayo sa unang pagkakataon para sa CalFresh, kapag inatasan kayong mag-ulat ng mga pagbabago, o kapag muli kayong humingi ng pagpapatibay para sa mga benepisyo ng CalFresh upang matukoy nila kung kayo ay karapat-dapat.

Kung sa tingin niyo ay nagkamali kami sa pagtukoy sa inyong mga benepisyo ng CalFresh dahil sa bagong benepisyong WINS, maaari kayong magpatawag ng isang pang-estadong pagdinig ***sa loob ng 90 araw pagkatapos ninyong matanggap ang sulat na ito*** sa pamamagitan ng pagsulat sa:

O maaari kayong tumawag sa toll free: 1-800-952-5253. Kung kayo ay bingi at gumagamit ng TDD, tumawag sa 1-800-952-8349. Kapag nagpatawag kayo ng isang pang-estadong pagdinig, dapat ninyong sabihin sa amin kung bakit sa tingin niyo ay nagkamali kami. Maaaring kayo ang magsalita para sa inyong sarili sa pagdinig o maaari ninyong atasan ang isang kaibigan, abugado, o iba pang tao na magsalita para sa inyo, ngunit dapat kayong humingi ng tulong sa mga taong ito. Maaari kayong humiling ng libreng legal na tulong sa isang tanggapan ng legal na tulong sa inyong lugar